IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

# Localized Animated Vedio ng mga Kuwentong Bayan ng San Franscisco Bilang Pantulong sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Unang Baitang

**Toyco, Evelyn M., Serdan, Geraldine A.**
Surigao Del Norte State University, Philippines

**Abstract:** *Layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang mga salik na nakaaapekto sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 1 ng Mababang Paaralan ng Diaz para sa taong panuruan 2024–2025. Isinagawa ang pananaliksik gamit ang Quasi-Experimental Method upang masukat ang epekto ng interbensyon sa antas ng pag-unawa sa pagbasa. Sa mga naunang pag-aaral, nabanggit ang mga hamon na kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng pagbasa at ang mababang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa, na kadalasang inuugnay sa tradisyunal at di-nababagong mga estratehiya sa pagtuturo. Sinuri rin sa pag-aaral ang mga hadlang na nagiging sanhi ng mababang komprehensiyon at kung aling mga programang edukasyonal ng pamahalaan ang maaaring palakasin upang mapaunlad ito. Bilang tugon, gumamit ang mananaliksik ng animated videos bilang interbensyon at estratehiya sa indibidwal na pagkatuto. Batay sa naging resulta ng post-test, nakita ang makabuluhang pagtaas sa mean score ng mga mag-aaral, na pinagtibay ng resulta mula sa CRLA. Sa kabuuan, lumitaw na ang paggamit ng makabago at biswal na estratehiya ay may positibong epekto sa pagpapabuti ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa.*

**Keywords**: estratehiya, kakayahan, Phil-IRI, pagbasa, pag-unawa